

**ANG****Bayan**

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XL Blg. 14
Hulyo 21, 2009
www.philippinerevolution.net

Editoryal

Singilin ang rehimeng US-Arroyo sa mga nilabag nitong kasunduan sa usapang pangkapayapaan

Kauna-unawa ang laganap na kawalang-tiwala at pagdududa sa hanay ng mga rebolusyonaryong pwera at mamamayan kaugnay ng mga motibo ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) sa muling pagbubukas nito sa pakikipag-usapang pangkapayapaan sa rebolusyonaryong kilusan. Lubhang mahaba at madugo ang listahan ng mga paglabag ng GRP sa nauna nang mga kasunduan sa pagitan nito at ng NDFP. Ang ubod ng lupit na mga pang-aatake ng rehimeng US-Arroyo sa mga rebolusyonaryo, progresibo at mga kalaban nito sa pulitika ay higit pang pinasasahol habang nalalapit ang pagtatapos ng Oplan Bantay Laya (OBL) at ng kasalukuyang rehimen.

Dagdag dito ang napakarami pang malalaking anomalya at mabibigat na kasong kriminal ng naghaharing rehimen, kabilang na ang pagpapakatuta nito at pagbibigay-daan sa higit pang panghihimasok ng mga imperyalistang kapangyarihan at interes sa bansa, ang lansakang korapsyon ng pangkat ng Arroyo, ang matinding pagpapahirap at pang-aapi nito sa mamamayan at ang samutsaring marurumi at mararahas na pakana nito para makapangunyapit sa poder.

Bumabaling ngayon ang rehimeng

US-Arroyo sa pakitang-taong pakikipagnegosasyon sa harap ng kabiguan nitong wasakin ang rebolusyonaryong kilusan. Kailangan ng kinamumuhian at sukol nang rehimen na malikha ang ganitong ilusyon sa desperasyon nitong maibsan ang tumitinding mga atake at batikos laban dito at mapaluwag ang daan para sa inaasam nitong patuloy na paghahari lampas sa 2010.

Walang pwedeng asahang mapagpasyang pagbabago ang rebolusyonaryong kilusan mula sa isang rehimeng naging salawahan na sa mga nakaraang kasunduan at sa mamamayan. Gayunman, palagiang bukas



Mga tampok sa isyung ito...

Lubusang ipatupad ang JASIG

PAHINA 3

Gawa-gawang planong destabilisasyon

PAHINA 6

Kudeta sa Honduras

PAHINA 9

ang rebolusyonaryong kilusan na makipag-usap sa nakatayong reaksyunaryong gubyrno para makuha ang anumang maaaring kamting kapakinabangan para sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan nang walang pagkakanulo sa prinsipyo at walang pagluwag sa pangunahing paraan ng armadong pakikibaka.

Sa harap ng matatag na panindigan ng rebolusyonaryong kilusan at dahil sa matinding presyur sa naghaharing rehimen, naobliga itong iatras ang ilang kundisyong nagsilbing balakid sa muling pagbubukas ng pormal na usapang pangkapayapaan. Kabilang dito ang pagbawi ng iginigiit nitong matagalang tigil-putukan bago pa simulan at habang nagaganap ang usapan.

Iniatras na rin ng rehimen ang makaisang-panig na suspensyon sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) para sa proteksyon ng mga myembro ng *negotiating panel*, konsultant at istap na kalahok sa usapan. Kung tototohanin ng rehimen ang pagpapairal ng JASIG, panandalian itong makapipigil sa sunud-sunod na pagdukot at pang-aaresto ng mga konsul-

tant at istap ng *negotiating panel* ng NDFP.

Nilusaw na rin ng rehimen ang Inter-agency Legal Action Group (IALAG) na ginamit nito para supilin at sampahan ng mga gawagawang kaso ang mga myembro, konsultant at istap ng NDFP *negotiating panel*. Partikular dito ang mga pang-aatake sa punong konsultant nito na si Kasamang Jose Ma. Sison at marami pang lider at aktibista ng pambansa-demokratikong kilusan.

Sumang-ayon na rin ang rehimen na ganap nang paganahin ang Joint Monitoring Committee (JMC) para sa pagsubaybay sa mga paglabag sa karapatang-tao. Noong 2004 pa ito dapat binuo alinsunod sa probisyon ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

Tinanggap ng NDFP ang alok ng GRP na muling humarap sa negosasyon bilang pagkilala na rin sa pagsisikap ng tagapamagitan ng magkabilang panig, ang gubyrno ng Norway. Itinuturing ito ng NDFP na pagkakataon para masingil ang rehimen sa marami pang atraso nito at makakuha pa ng mga dagdag

na pakinabang. Sa gayon, nakatakda ang muling pagbubukas ng pormal na usapang pangkapayapaan sa Agosto.

Dapat singilin ang rehimen sa marami nitong paglabag sa The Hague Joint Declaration ng 1992 na naglatag ng mga gumagabay na prinsipyo, balangkas ng adyenda at kondukta ng usapang pangkapayapaan. Dapat ding singilin ang rehimen at panagutin ang mga responsableng upisyal ng gubyrno, militar, pulisya at ahensyang panseguridad sa maraming malalalang paglabag sa CARHRIHL, JASIG at iba pang kasunduan.


Bukod sa pagkalusaw na sa IALAG, dapat pa ring ibasura ang mahigit isang libong kasong inimbento nito at palayain ang mga nakakulong batay sa gayong mga kaso.

Dapat ding singilin at patigilin ang rehimen sa patuloy nitong paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas.

Dapat ding maisalang at mapagkaisahan ang pagbasura sa Anti-Terrorism Law (na tinuringang "Human Security Act") at ang pagpapataw ng malulupit na parusa sa kasong rebelyon tulad ng habambuhay na pagkukulong. Labag ito sa CARHRIHL at mismong sa sariiling mga batas ng papet na republika. Taliwas din ito sa diwa ng usapang pangkapayapaan at sa pagtatatag ng makatarungan at matagalang kapayapaan.


Kaugnay pa rin ng mga paglabag sa karapatang-tao, dapat nang ipatupad ang matagal nang nabinbing kasunduan sa pagbibigay ng bayad-pinsala ng GRP sa mga biktima ng pasistang diktadurang Marcos. Ang pagkakabinbin nito sa loob ng mahigit nang isang dekada ay nagpapatingkad pang lalo sa nagpapatuloy na malalalang paglabag ng reaksyunaryo at papet na estado sa karapatang-tao sa bansa.

Isang susing usapin na ilang taon na ring sinisingil ng NDFP ang

 <p>Taon XL Blg. 14 Hulyo 21, 2009</p> <p>Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.</p> <p>Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:</p> <p>www.philippinerevolution.net</p> <p>Tumatanggap ang <i>Ang Bayan</i> ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com</p>	
<p>Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas</p>	
<p>Nilalaman</p>	
Editoryal	
Singilin ang rehimeng Arroyo sa mga nilabag nito sa usapang pangkapayapaan	1
Lubusang ipatupad ang JASIG	3
Pananalanta ng pasistang estado	
Karahasan sa Albay, Maguindanao at ComVal	4
Paglaya ni Principe, hinaharang	4
225 pamilya, lumikas	4
Pambansang tigil-pasada	5
13 kaswalti ng militar	6
Gawa-gawang destabilisasyon	6
Cheaper Medicines Act	7
Anomalya sa tubig	8
Kurakot sa pag-angkat ng Vietnam rice	8
Sa ibayong dagat	
Kudeta sa Honduras	9
Balita	10

pagbawi ng GRP ng suporta sa pagbilang ng US at ilan pang imperyalistang bansa sa PKP, BHB at kay Kasamang Jose Ma. Sison sa listahan nila ng mga “dayuhang terorista.” Taliwas ito sa rebolusyonaryo at di teroristang katangian ng nagaganap na armadong rebolusyon sa Pilipinas. Labag din ito sa The Hague Joint Declaration na nagsasaad na ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP ay nakabalangkas sa prinsipyo ng pambansang soberanya at teritoryal na integridad ng Pilipinas. Alinsunod sa prinsipyong ito, walang karapatan ang anumang dayuhang kapangyarihan (laluna ang US na siyang Numero Unong Terorista sa daigdig) na manghimasok sa mga internal na tunggalian sa loob ng bansa. Sa kasunduan sa Oslo noong 2004, tahasang sumang-ayon ang GRP na maglabas ng pormal na mga unilateral at magkasanib na pahayag na tumututol sa pagbilang ng mga dayuhang kapangyarihan sa PKP, BHB at kay Kasamang Sison sa listahan ng mga “terorista,” ngunit nilabag ito ng GRP. Hindi maaaring umusad ang usapan kung patuloy na iiwas ang GRP sa pormal at malinaw na pagbawi ng suporta nito sa paglilista.

Sa harap ng matinding krisis pangkabuhayan sa buong daigdig at sa bansa at napakalaking kabuluhan nito sa buhay ng mamamayang Pilipino, napakahalaga ngayon ang pagtalakay at pagbubuo ng Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms (CASER). Ito ang nakasalang na adyenda nang matigil ang pormal na usapan. Kaalinsabay



ay maaaring masimulan na ng mga grupo mula sa magkabilang panig ang pagbubuo ng inisyal na burador para sa Comprehensive Agreement on Political and Electoral Reforms (CAPER) na siyang susunod na adyenda. Kasunod pa nito ang adyenda ng pagtatapos ng digma at disposisyon ng pwersa, na nararapat lamang na mapunta sa pinakadulong bahagi ng usapan, kahit na ito ang gustung-gustong unahin ng GRP.

Basta't bukas sa

Lubusang ipatupad ang JASIG

Bilang pagkilala sa JASIG, nananawagan ang NDFP sa GRP na kagyat na palayain at ibasura ang mga kasong nilubid ng Malacañang para palabasing ligal ang pag-aresto at pagkukulong ng mga konsultant ng NDFP *negotiating panel* at myembro ng iba't ibang *working committee* sa usapang pangkapayapaan. Kabilang dito sina Randall Echanis, Angelina Bisuña-Ipong, Elizabeth Principe, Glicerio Pernia, Eduardo Sarmiento at Eduardo Serrano. Marapat na palayain sila bago ilunsad ang pormal na usapan. Iginiit din ng NDFP na dapat ding ibasura ang mga mandamyento de aresto laban kina Vicente Ladlad at iba pang konsultant ng NDFP at nang ligtas silang makadalo sa usapan.

Alinsunod rito, inilabas ng GRP ang panimulang listahan ng anim na konsultant ng NDFP na muling gagawaran ng JASIG. Ang mga nakatala ay kasalukuyang nakakulong o kaya'y may mga umiral na mandamyento para sila'y arestuhin bunga ng sarisaring gawa-gawang kasong kriminal.

Ipinapanawagan din ng NDFP ang kagyat na pagpapalaya sa iba pang detenidong pulitikal na ikinulong ng GRP mula 2001 at yaong mga nakalista alinsunod sa Oslo Joint Statement II.

Dapat ding magkaroon ng makatotohanang imbestigasyon sa mga pwersa ng GRP na responsable sa pagpaslang sa konsultant ng NDFP na si Sotero Llamas at sa pagdukot kina Leo Velasco, Prudencio Calubid, Rogelio Calubad, Leopoldo Ancheta, Phillip Limjoco at marami pang ibang saklaw ng JASIG. Dapat silang ilitaw kung sila ay buhay pa. Kung sila'y patay na, dapat ibigay ang kanilang mga labi at bigyan ng hustisya ang mga biktima.

AB

usapan ang GRP, dapat natin itong harapin sa negosasyon para igiit ang nararapat na mga usapin at kamtin ang anumang bagay na makakamit para sa kapakinabangan ng rebolusyonaryong kilusan at mamamayan, gaano man kaliit o pansamantala ang mga ito. Mabigo man ang pakikipagnegosasyon sa kasalukuyang naghahari, maaari pa ring magsilbing puhunan para sa pakikipag-usap sa susunod na rehimen ang anumang mapagkakasunduan ngayon, at maaaring talakayin muli sa susunod ang anumang mabibibing usapin ngayon. Samantala, ang mga nakamit na at makakamit pa sa usapan ay makapagpapalakas at makapagpapatibay sa patuloy na sumusulong na armadong rebolusyonaryong pakikibaka.

AB



Karahasang militar sa Albay, Maguindanao at Comval

Pawang mga inosenteng sibilyan ang biktima ng iba't ibang kaso ng karahasang militar sa mga prubinsya ng Albay, Maguindanao at Compostela Valley na nakalap ng *Ang Bayan* nitong Hulyo.

Hulyo 13. Binaril at nasugatan si Joel Ascutia, presidente ng CON-DOR-PISTON, sa Rizal Street sa Daraga, Albay. Minamaneho ni Ascutia ang kanyang dyip mga alas-4 ng madaling araw nang pagbabarilin siya ng dalawang lalaking nakamotorsiklo sa tapat ng Petron sa Daraga. Nagtamo ng dalawang tama ng bala sa likod si Ascutia. Naganap ang pamamaril sa araw ng pambansang tigil-pasada ng mga organisasyon at alyansa ng mga drayber at opereytor.

Hulyo 12. Patay ang isang 11-taong gulang na batang babae sa operasyong pagtugis ng militar laban sa nasa likod umano ng pambobomba sa Cotabato City.

Napatay sa reyd sa Sultan Ku-

darat sa Maguindanao ang batang nasa Grade 5 sa Muammad Elementary School matapos barilin ng mga operatiba ng Task Force Tusig. Nasugatan din ang dalawa pang sibilyan. Pumasok ang mga sundalo sa bahay ng mga biktima at bigla na lamang namaril.

Hulyo 4. Binugbog at dinukot ng mga sundalo si Alvin Lopez, 25, isang magsasaka ng Maot, San Jose, Monkayo, Compostela Valley.

Iginapos at pwersahang isinakay si Lopez sa sasakyan ng mga sundalo sa isang operasyong militar. Naganap ang insidente matapos ang isang sagupaan sa pagitan ng mga gerilya ng BHB at ng militar. Hanggang sa kasalukuyan ay nawawala pa rin si Lopez. **AB**

Paglaya ni Elizabeth Principe, hinaharang

Hinaharang ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) ang paglaya ni Elizabeth Principe, detenidong pulitikal at konsultant ng National Democratic Front of the Philippines. Si Principe ay mahigit 19 na buwan nang nakakulong sa Custodial Center ng Camp Crame.

Iniutos na ang paglaya ni Principe ng Regional Trial Court Branch 30 sa Nueva Vizcaya matapos ibasura noong Hulyo 6 ang huli sa anim na kasong kriminal na isinampa laban sa kanya. Bago ito, naibasura na ang mga kaso laban sa kanya sa Cauayan, Isabela; Dupax, Nueva Vizcaya; at Candon, Ilocos Sur. Sa kabila nito, hinahanapan ng butas ng CIDG ang kautusan sa pagpapalaya kay Principe. **AB**

225 pamilya, lumikas dahil sa militarisasyon

Umaabot na sa 225 pamilya ang nakatipon ngayon sa Municipal Gym ng Lianga, Surigao del Sur matapos magbakwit upang iprotesta ang militarisasyon sa kanilang mga komunidad.

Nitong Hulyo 18, sabay-sabay na lumikas ang 176 pamilya (humigit-kumulang 1,200 indibidwal) mula sa Panukmuan, Manluy-a, Simuwaw, Emerald, Km-16, Han-ayan at Yadawan, pawang mga komunidad ng mga minorityang Manobo sa Lianga. Ang sabay-sabay na pagbakwit ng mga residente ay pagprotesta sa isinasagawang operasyong militar ng apat na platon na kabilang sa 58th IB at 41st Division Reconnaissance Company na nagsimula noong Hulyo 13.

Nagpataw ang mga pasistang

sundalo ng *food blockade* at nilimitahan ang kilos ng mga residente (pinasusulat sa *logbook* ang pangalan ng mga lalabas ng komunidad). Pilit ding nirerekut ang mga residente sa Task Force Gantangan (tawag sa CAFGU na binubuo sa hanay ng mga katutubo).

Partikular na pinag-iinitan ng mga sundalo ang Alacadev High School, isang paaralan ng mga pambansang minoritya. Pinipilit ng mga sundalo na kumpiskahin ang istak nitong pagkain at kunin ang rekord ng mga estudyante sa paara-

lan, bagay na tinanggihan ng mga titser ng eskwelahan at sama-samang tinutulan ng mga residente.

Noong Hulyo 15, nakipagdayalogo ang mga residente sa mga upisyal ng mga nag-ooperasyong yunit ng militar upang igiit ang pagpapalayas sa mga sundalo. Nang tumanggi ang militar, nagpasya ang mga residente na sama-sama nang lumikas sa lugar. Bago pa ito, nagbakwit na ang 49 na pamilya (255 indibidwal) mula sa Purok 5, Barangay San Isidro, Lianga. Ang paglikas nila sa kanilang lugar ay pagprotesta sa operasyon ng isang platon sa ilalim ng 58th IB Charlie Company. **AB**

Pambansang tigil-pasada, inilunsad

Mahigit 80% ng pampublikong transportasyon ang naparalisa noong Hulyo 13 nang maglunsad ng isang pambansang tigil-pasada ang isang koalisyon ng mga datihan at bagong samahan at pederyasyon ng mga drayber at opereytor ng mga dyip, taksi, bus at traysikel sa pangunguna ng Pagkakaisa ng mga Samahan ng mga Tsuper at Operator Nationwide (PISTON), kasama ang iba pang lider ng mga unyon ng mga manggagawa ng mga kumpanya ng bus. Ang koalisyon ay pinangalanang Task Force July 13.

Inilunsad ang tigil-pasada sa Metro Manila, Baguio, Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon, Bicol (maliban sa Catanduanes at Masbate), Cebu, Davao City, Cagayan De Oro City, Iligan City, General Santos City. Dalawang araw namang pinaralisa ang kalakhang bahagi ng Panay at Guimaras (Hulyo 13-14).

Kinundena ng mga nagwelga ang kakarampot na pagbawas ng presyo ng gasolina ng Petron, Pilipinas Shell at Caltex/Chevron, gayundin ang kanilang pagmanipula sa presyo ng gasolina at produktong petrolyo, gaya ng *liquefied petroleum gas* (LPG) sa kapinsalaan ng ordinaryong konsyumer.

Ayon kay Steve Ranjo, presidente ng PISTON, umabot sa ₱4.31 hanggang ₱8 bawat litro ang sobrang pagpepresyo ng mga produktong petrolyo noong Hunyo 2009.

Para matiyak ang pagkamal ng limpak-limpak na tubo, binabawasan ng tatlong malalaking kumpanya ng langis ng maliit lang na halaga ang presyo ng *diesel* at gasolina ngunit tinataasan naman nang husto ang presyo ng LPG. Ani Ranjo, sa kabila ng pagbagsak ng presyo ng LPG sa pandaigdigang pamilihan, nagpapatuloy naman ang pagtaas ng presyo ng LPG dito sa Pilipinas mula ₱480 tungong ₱600 bawat tangke mula Hunyo hanggang Hulyo.

Iginiit ng Task Force July 13

ang pagtigil sa walang humapay at mapanlinlang na pagtataas sa presyo ng langis,



ang regulasyon ng industriya ng langis at pagtatanggal ng *value-added tax* (VAT) sa langis. Binatikos din ng grupo ang bagong panukala ng World Bank na magpataw ng *excise tax* sa langis.

Nanawagan naman ang pangkalahatang kalihim ng PISTON na si George San Mateo na iboykot ng mga motorista ang Petron, Pilipinas Shell at Caltex/Chevron upang magdulot ng bilyun-bilyong pagkalugi sa mga ito at mawalan ang gubernong Arroyo ng milyun-milyong koleksyon ng VAT. **AB**

Mga kabataan, nagrali kontra *con-ass*

PATULOY na nangalampag ang mamamayan laban sa *con-ass* ni Gloria Arroyo. Noong Hulyo 10, isang pambansang koordinadong pagkilos ang inilunsad ng mga kabataan at estudyante bilang pagtutol sa *cha-cha* at *con-ass* ng rehimen.

Nagrali ang daang mga kabataan at estudyante sa pangunguna ng Kabataan Party at mga progresibong organisasyon sa Maynila. Nagmartsa sila hanggang Liwasang Bonifacio at pagkatapos ay dumiretso sa Mendiola. Ayon kay Alvin Peters, *convenor* ng Kabataan Kontra Cha-cha, ang kanilang pagkilos ay laban din sa anumang hakbangin ng rehimen na magdeklara ng batas militar upang makapanatili si Arroyo sa kapangyarihan sakaling madiskaril ang *cha-cha* na isinusulong ng kanyang mga tuta sa Kongreso.

Samantala, nagrali rin ang mga kabataan at estudyante sa iba't ibang panig ng bansa. Naglunsad ng *walkout* sa kanilang mga klase ang mga mag-aaral ng University of the Philippines-Ba-

guio. Sa Southern Tagalog, nagpiiket ang mga estudyante sa tanggapan ng Commission on Higher Education (Ched) sa Calabarzon. Ayon sa National Union of Students in the Philippines-Southern Tagalog, lalong lalala ang krisis sa edukasyon kapag ipinilit ang *cha-cha* ni Arroyo dahil mapahihintulutan ang 100% pag-aari ng mga dayuhan sa mga paaralan.

Isang *torch parade* naman ang inilunsad sa Iloilo City noong araw ding iyon bilang protesta sa *cha-cha*. Sa Mindanao, naglunsad rin ng rali ang mga kabataan sa Davao City Freedom Park at mga lunsod ng General Santos at Koronadal. Mariin din nilang kinundena ang serye ng pambobomba sa Mindanao na pakana ng rehimeng US-Arroyo. **AB**

13 kaswalti tinamo ng militar sa mga labanan

Dalawang sundalo ang napatay at 11 ang nasugatan sa apat na magkakahiwalay na taktikal na opensiba na inilunsad ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Mindanao.

Isang sundalo ng 27th IB ang nasugatan nang tambangan ng mga Pulang mandirigma ng BHB ng Larangan 72 ang nagpapatrulyang mga elemento ng militar sa Barangay Sinapulan, Columbio, Sultan Kudarat nitong Hulyo 18.

Isang sarhento naman ng 23rd Division Reconnaissance Company ang napatay at anim sa kanyang mga tauhan ang nasugatan nang ambusin ang mga ito ng mga mandirigma ng BHB habang nagpapatrulya sa Sityo San Juan, Barangay La Fortuna, Impasug-ong, Bukidnon nitong Hulyo 16. Kinabibilangan ng isang korporal at limang elemento ng CAGFU ang mga sugatan.

Isang sundalo ang napatay at tatlong upisyal ang nasugatan nang tambangan ng mga gerilya ng Pulang Bagani Command 3-BHB ang komboy ng mga sasakyang militar ng 21st Light Armor Company sa Barangay Puntalinao, Banaybanay, Davao Oriental nitong Hulyo 11. Inambus din ng mga gerilya ang sumaklong mga sundalo ng 28th IB sa Barangay Pintatagan sa parehong bayan.

Noong Hulyo 13 naman ay nasugatan ang isang elemento ng CAGFU nang harasin ng mga Pulang mandirigma ng Front 34-BHB ang detachment ng militar sa Barangay Melale, Laak, Compostela Valley. **AB**

Mga senaryong destabilisasyon ni Arroyo

Mistulang pinahupa muna ang mga gawa-gawang senaryong destabilisasyon ng rehimeng Arroyo para palabasing matiwasay ang kahalagayan sa bansa sa panahong bumisita rito ang hepe ng US Central Intelligence Agency na si Leon Panetta noong Hulyo 12 para personal na makipag-usap sa papet na presidente. Katatapos-tapos lang noon ng sunud-sunod na pagpapasabog sa Metro Manila at Mindanao.

Ang nagkabuhol-buhol na mga paliwanag ng iba't ibang upisyal ng rehimeng Arroyo at ng AFP hinggil sa nagpasimuno ng mga pambobomba ay lalo lamang nagpapatunay na bahagi ito ng mga sariling iskema ng rehimen para makapangunyapit sa poder. Taliwas sa sinabi ni National Security Adviser Norberto Gonzales na ang sunud-sunod na mga pambobomba sa Metro Manila ay kagagawan ng isang maliit lamang na grupong nakabase sa Metro Manila at Central Luzon at walang kaugnayan sa mga pambobomba sa Mindanao, sinabi ni Maj. Gen. Jogy Leo Fojas, hepe ng AFP National Capital Region (NCR) Command na ang Metro Manila na ang isusunod ng mga teroristang nambomba sa Mindanao at may nasubaybayan na nga raw silang apat na elemento ng Abu Sayyaf at Jamaah Islamiyah na magsasagawa nito sa NCR. Pinatahimik na lamang si Fojas ng mga amo niya sa AFP at Malacañang nang lalo lamang mahalata sa kanyang paglulubid ng kwento na may layunin ngang maghasik ng pananakot sa bansa ang rehimen para mai-kasa nito ang marurumi nitong mga balak.

Bago ito, nabunyag ang "Oplan August Moon," isang pakanang magluluklok nang maagap kay Gen. Delfin Basingit bilang hepe ng AFP. Si Basingit, ang pinakapaboritong he-

neral ni Arroyo, ang inaasahan niya para mas epektibo niyang makontrol ang militar at magamit ito sa pagpapataw ng "emergency rule," pagtatayo ng "gubyernong transisyon" ni Arroyo at iba pang planong mangangailangan ng matinding panunupil.

Palagian na lang na may gayong plano si Arroyo tuwing may nakikita siyang seryosong banta sa kanyang paghahari, o sa kaso ngayon, kapag may malaking posibilidad na maunsyami ang plano niyang makapagpalawig sa kapangyarihan. Noong Pebrero 2006 ay plano sana ni Arroyo na pahantungan sa batas militar ang kanyang deklarasyon ng "state of emergency," subalit nahadlangan ito ng mga kilos-protesta at tumutol ang ilang myembro ng kanyang gabinete. Nang maganap naman ang pagkilos nina Sen. Antonio Trillanes IV at Gen. Danilo Lim sa Manila Peninsula sa Makati City noong 2007, inatasan ni Arroyo ang noo'y House Speaker Jose de Venecia na makipagnegosasyon kina US State Secretary Colin Powell at US National Security Adviser Condoleezza Rice para payagan ang deklarasyon ng batas militar sa Pilipinas. Bagamat hindi natupad noon ang kagustuhan ni Arroyo, patuloy pa rin siya sa kanyang maiitim na pagbabalak.

Nakapagpahayag na ang rehimeng Obama



na mas gusto sana nitong huwag gaanong mabagabag ng malaking kaguluhan ang mga interes ng US at buong naghaharing sistema sa Pilipinas. Gayunpaman, patuloy na humihingi ng pahintulot si Arroyo upang maituloy ang *cha-cha* at ang kahit limitado o panandaliang "emergency rule" kung kailangan, para lamang patuloy siyang makapaglingkod bilang pangunahing papet ng US. Pinang-eengganyo ni-

ya ang patitiyak din ng mga probisyon sa *cha-cha* na papabor sa higit pang ganansya ng US sa ekonomya, militar at pulitika sa bansa.

Patuloy na umaasa si Arroyo na pahihintulutan ng US ang mga planong ito. Para rito, bukambibig pa rin ng mga upisyal ng papet na rehimen ang mga pananakot. Ginagamit ng rehimen ang pinakahuling pagpapasabog sa dalawang hotel sa Jakarta, Indonesia noong Hulyo

17 bilang "patunay" na may ikinakasang mga "teroristang pambo-bomba." Patuloy na naghahanda sina Arroyo na magkaroon ng mas malakas na kontrol sa militar. Pina-iigting nila ang surbeylans sa publiko at dinadagdagan ang mga tropa ng militar at pulisya na nakadestino ngayon sa Metro Manila bilang paghahanda sakaling ituloy nga ng rehimen ang malagim nitong plano. **AB**

Cheaper Medicines Act, ginawang inutil

Dahil sa presyur mula sa mga multinasyunal na kumpanya ng gamot, sadyang inaantala ni Gloria Arroyo ang pagpirma niya sa isang kautusan na nagtatakda ng 50% mas mababang presyo sa 21 pangunahing gamot. Ang paglalabas ng *executive order* ay isa sa mga probisyon ng Cheaper Medicines Act na ipinasa noong nakaraan pang taon, ngunit hanggang ngayon ay di pa naipatutupad. Ang di paglalabas ng kautusan ng presidente ay isang paraan para gawing inutil ang batas.

Nakasaad sa batas na makatatamasa ang mamamayan ng mas murang mga gamot sa pamamagitan ng pagtatakda ng presidente ng hangganan ng presyo ng mga gamot, pag-aangkat ng murang mga gamot mula sa ibang bansa at pagpapalaganap sa publiko ng impormasyon hinggil sa iba't ibang mapagpipiliang murang gamot sa mga butika. Bukod rito, may probisyon din ang batas na ikutan ang pagkasangkapan ng mga kumpanya sa gamot sa mga *patent* (eksklusibong lisensya para magmanupaktura at magbenta ng mga bagong produkto).

Ipinagpapalagay ng batas na gagana ang kumpetisyon upang mapababa ang presyo ng mga gamot. Ngunit ang totoo'y walang tunay na kumpetisyong umiiral sa industriya ng gamot sa bansa dahil sa mahigpit na monopolyo rito ng malalaking dayuhang kumpanya ng gamot. Pinakamalaking balakid sa pagpapababa ng presyo ng mga gamot ang kawalan ng tunay na

pambansang industriya ng gamot.

Ang Pilipinas ang isa sa mga bansang may napakataas na presyo ng mga gamot sa buong daigdig. Dahil sa monopolyo at kasakiman sa supertubo ng malalaking dayuhang kumpanya ng gamot, hanggang sampung ulit na mas mataas ang presyo ng mga gamot sa Pilipinas kumpara sa India, Bangladesh, Brazil at marami pang bansa.

Sa halip na magkaroon ng kautusan, patuloy ang pakikipagtawaran ng mga multinasyunal na kumpanya ng gamot sa rehimen. Boluntaryo na lamang umano nilang ibababa ang presyo ng mga gamot na ibinebenta nila. Gumawa pa ang Pfizer ng gimik na pag-aalok sa guberno ng P5 milyong halaga ng "discount cards" para sa P100 milyong halaga ng gamot na ibinebenta nito—isang disimuladong anyo ng panunuhol para lamang di ito matali ng mga batas at kautusang magtatakda ng presyo ng mga gamot nito.

Nitong Hulyo 20, inianunsyo ng

mga multinasyunal na babawasan nila nang hanggang 30% lamang (sa halip na 50%) ang 15 sa 21 gamot na tinukoy ng Department of Health.

Kinwestyon naman ng Health Alliance for Democracy (HEAD) ang ginagawang hakbangin ng mga kumpanya ng gamot. Ayon sa HEAD, imbes na ang guberno ang magdikta ng presyo ng gamot ay ang mga kumpanya pa ng gamot ang nagtatakda ng kanilang presyo para mas mapangalagaan ang kanilang mga kita.

Ilang taon nang sinasagkaan ng mga multinasyunal ang pagsasabatas ng pagpapababa ng presyo ng gamot at hanggang ngayo'y pilit pa rin nilang pinipigilan ang pagpapatupad nito. Sunud-sunuran naman ang rehimen sa mga dambuhalang kumpanya ng gamot kaya panay ang iwas nitong ilabas ang kautusang magpapababa sa presyo ng mga gamot.

Layunin kapwa nina Arroyo at mga multinasyunal na kumpanya ng gamot na iwasan ang paglalabas ng kautusan dahil makapipigil umano ito sa malayang kumpetisyon. Inamin din ni Arroyo na ayaw niyang gumawa ng anumang bagay na ikagagalit ng mga dayuhang mamumuhunan. Ito'y kahit buhay na at kapakanan ng mamamayan ang nakataya. **AB**

Anomalya sa proyekto sa tubig, nabunyag

Nabunyag kamakailan ang dambuhalang anomalya sa proyekto para sa konstruksyon ng Laiban Dam sa bayan ng Tanay, Rizal. Minadali ng Metropolitan Waterworks and Sewerage System (MWSS) ang "bidding" nito para pormal nang maigawad ang kontrata sa San Miguel Bulk Water Co. Inc. (SMBWCI).

Noong Hulyo 2 lamang nagpalabas ng anunsyo ang MWSS para sa Build-Operate-Transfer (BOT) ng proyekto at isinara ang subasta nito noong Hulyo 8. Walang ibang lumahok sa subastang ito kundi ang SMBWCI, isang subsidyaryo ng San Miguel Corporation, na pag-aari ng isa sa pinakamalalaki at pinakamakapangyarihang kroni ni Arroyo—si Eduardo "Danding" Cojuangco. Para tiyak na wala nang ibang mag-iinteres pa sa proyekto, biglaang humingi ang MWSS ng napakataas na *entrance fee* na ₱1 milyon na hindi na maibabalik sa *bidder* kapag hindi ito mapili. Sa kalakaran ng MWSS ay hanggang ₱7,500 lamang ang dapat nitong singiling *entrance fee*.

Ang pagmamadaling ito ay lubhang kaduda-duda, laluna't ang Laiban Dam ang pinakamalaki at pinakamagastos na proyekto ng MWSS sa mahigit 130 taong kasaysayan nito.

Ang totoo'y noong Pebrero pa sarilinanag nag-uusap ang rehimeng Arroyo at SMBWCI hinggil sa proyektong ito. Nagsumite ang SMBWCI ng panukalang ituloy ang naunsiyaming konstruksyon ng Laiban Dam kahit wala pa ito sa mga plano ng MWSS. Matagal na nilang niluluto ang proyekto at ang pakunwang patalastas hinggil sa *bidding* ay ginawa lamang para sunding ang teknikalidad ng batas ng gubyerno.

Tinataya noon na magkakahalaga ang Laiban Dam ng \$1 bilyon o katumbas ng ₱52 bilyon. Ngunit sa isinumiteng plano ng SMBWCI, aabot ang kabuuang gastos sa \$2 bilyon. Dalawampu't limang porsyento (25%) lamang ng halagang ito ang magagastos sa aktwal na

konstruksyon ng dam. Ang malaking bulto ay gagastusin umano sa reloksyon at rehabilitasyon ng mga mapapalayas na residente kapag natuloy ang konstruksyon—bagay na nagbubukas ng malaking mapagkukunan ng kurakot.

Taun-taon, maniningil din ang SMC ng mahigit ₱15.5 bilyon bukod pa sa madaragdag na adyasment para sa implasyon, makonsumo man o hindi ang nakakontraatang isusuplay nitong tubig. Mangangahulugan ito ng pagtriple ng babayarang tubig ng mamamayang susuplayan mula sa proyektong ito.

Magdudulot din ng malaking pinsala ang proyekto sa kapaligiran at *watershed* sa paanan ng Sierra Madre. Malulubog ang walong barangay sa mga bayan ng Tanay, Rizal at Gen. Nakar sa Quezon. Sumasaklaw ito ng 27,800 ektaryang lupang agrikultural at mga lupaing ninuno ng mga Dumagat. Mga 10,000 mamamayang naninirahan dito ang mapapalayas.

Makailang beses nang tinangka ng gubyerno na ituloy ang proyektong Laiban Dam subalit mahigpit na itong tinututulan ng mamamayan mula nang simulan ito noong dekada 1970. AB

P13 bilyong kurakot sa pag-angkat ng Vietnam *rice*

Umaabot sa ₱13 bilyon ang kurakot sa pag-aangkat ng bigas mula sa Vietnam ngayong taon. Ang kurakot ay mula sa 45% patong sa presyo ng bigas na inaangkat mula roon.

Nakipagnegosasyon ang rehimeng Arroyo noong Enero kay Prime Minister Nguyen Tan Dung ng Vietnam para bumili ng 1.5 milyong metriko toneladang bigas sa halagang \$550 bawat tonelada, 45% mas mataas kaysa sa \$380 bawat tonelada na siyang umiiral noon na presyo ng bigas sa pandaigdigang pamilihan.

Ibig sabihin, nagbayad umano ang gubyerno ng Pilipinas sa Vietnam ng dagdag na \$170 o ₱8,840 kada tonelada. Katumbas ito ng kurakot na mahigit ₱13 bilyon para sa 1.5 milyong metrikong tonelada ng bigas.



Ayon kay Anakpawis Rep. Rafael Mariano, ang dagdag na 45% sa presyo ng inaangkat na bigas ay nangangahulugan din ng di bababa sa 45% pagtaas sa presyo ng bigas na ito sa lokal na pamilihan. AB



Kudeta sa Honduras

"Ang kudeta sa Honduras ay desperadong pagtatangka ng mga pwersang ultra-kanan sa loob ng tradisyunal na maka-US na naghaharing uri sa Honduras upang pigilan ang nag-iibayong agos ng pagbabago mula sa ibaba."

Ito ang komentaryo ni Kasamang Jose Maria Sison sa pag-agaw ng poder sa Honduras noong Hunyo 28 nang sapilitang tangayin ng may 200 sundalo si President Jose Manuel Zelaya at ilipad siya papuntang Costa Rica. Agad na ipinalit kay Zelaya bilang "pansamantalang pangulo" si Don Roberto Micheletti Bain, ang *speaker* ng National Congress, matapos basahin ang isang pekeng sulat ng pagbibitiw umano ni Zelaya.

Noong araw ding iyon, pinagaaresto ng mga reaksyunaryong militar ang mga kagawad ng gabinete ni Zelaya. Ikinulong din ang mga embahador ng Venezuela at Cuba at tinugis ang mga lider ng mga progresibong organisasyong masa.

Dumagsa naman sa lansangan ang mamamayang Honduran para tuligsain ang kudeta. Naglunsad ng pangkalahatang welga ang mga manggagawa, estudyante, kababaihan at iba pang sektor at hindi nila sinunod ang *curfew* na ipinataw ng bagong rehimen.

Marahas ang naging tugon ng reaksyunaryong hukbong pinamumunuan ni Gen. Romeo Vasquez. Ilan na ang napatay, daan-daan na ang nasugatan at daan-daan pa ang ikinulong.

Nagsabwatan ang imperyalistang US at mga panginoong maylupa at komprador na oligarkiya sa pagpapataksik kay Zelaya dahil sa

lumalakas na pagkamtig ng kanyang gubyrerno sa mga ipinaglalaban ng kilusang masa at mga anti-imperyalistang pwersa sa bansa, kabilang ang pagsasagka sa imperyalistang interbensyon at patakaran ng neoliberal na globalisasyon at pakikipag-alyansa niya sa mga anti-imperyalistang gubyrerno sa iba pang bansa.

Bunsod ng lumalakas na mga protesta ng mamamayan, itinaas ng gubyrernong Zelaya ang sahod ng mga manggagawa at sweldo ng mga guro at dinagdagan ang badyet para sa kalusugan at edukasyon.

Nakipagkasundo rin si Zelaya sa Venezuela para sa suplay ng langis at sumali sa umuusbong na Bolivarian Alternative for the Americas (ALBA) na naglalayong bigkisin ang mga bansa sa Latin America at kontrahin ang dominasyon ng imperyalismong US sa rehiyon. Nagtatag din siya ng higit na malapit na ugnay sa Cuba at naging kaunahang pangulo ng Honduras na bumisita roon sa loob ng nakaraang 50 taon.

Ang pinakakagyat na nagtulak sa mga pwersang ultra-kanan para patalsikin si Zelaya ay ang balak niyang pagdaraos ng plebisito para sa mga pagbabago sa konstitu-



syon. Higit pa sa pagpapalawig ng termino ni Zelaya, ang mas saligan pang hinahangad na sagkaan ng mga ultra-kanang pwersa ay ang pagsusulong ng higit pang makabuluhang mga reporma sa pulitika, ekonomya at kultura na kontra sa kanilang interes.

Umasa sa suporta ng imperyalismong US ang mga heneral na namuno sa kudeta. Sabihin pa, ang reaksyunaryong hukbo ng Honduras ay galamay ng Pentagon at ang mga heneral na namumuno rito ay dumaraan sa mga pagsasanay-militar sa School of the Americas sa US para sa espesyal at lihim na mga operasyong militar, kabilang ang paglulunsad ng mga kudeta, paghahasik ng teror at pagtatayo ng mga diktadurang militar. Ang mga nang-agaw ng poder at naging diktador sa Honduras at iba pang bansa sa Latin America ay dumaan sa

"Honduras..." sundan sa pahina 9

7 sa 10 Pilipino, ayaw sa *cha-cha*

UMABOT sa 70% ng mamamayan ang ayaw sa *charter change* na isinusulong ng rehimen, ayon sa pinakahuling sarbey na isinagawa ng Social Weather Stations (SWS).

Ayon sa SWS, pito sa bawat sampung Pilipino sa buong bansa ang ayaw sa *cha-cha* kung magbibigay-daan ito sa pagiging pinuno muli ni Arroyo sa bansa. Pinakamarami ang tumutol sa Metro Manila (83%) at sumunod ang mga taga-Luzon (70%). Samantala, 55% ang nani-niwala na si Arroyo ang nasa likod ng panukalang baguhin ang saligang batas.

Isinagawa ang sarbey noong Hunyo 19-22, 2009 na may kinapanayam na 1,500 katao.

Kasabay nito, nilabas din ng SWS ang resulta ng sarbey nito hinggil sa *net satisfaction rating* ni Gloria Arroyo nitong ikalawang kwarto. Ayon sa SWS, 56% ang hindi nasisiyahan sa trabaho ni Arroyo at humigit-kumulang 25% lamang ang nasisiyahan.

Panibagong opensiba sa India

DALAWAMPU'T siyam na pulis ang napatay nang lusubin sila ng mga Pulang gerilya sa distrito ng Rajnandgaon, estado ng Chhattisgarh. Dalawang upisyal agad ng pulis ang nabuwal sa unang bugso ng pag-atake.

Sa hiwalay na paglusob, napatay ang hepe ng pulis ng Rajnandgaon na si Vinod Kumar Choubey. Inambus ng mga mandirigma ang komboy ng mga pulis na papunta sa mga nayon ng Khoregaon at Karkoti.

Samantala nitong huling linggo ng Hunyo, 11 upisyal ng pulis ang nasawi matapos ambusin ang kanilang *truck*. Pabalik ang mga pulis galing sa Chhattisgarh nang sila ay sorpresahin na tambangan ng mga mandirigma. Sa hiwalay na opensiba naman sa Tongapal, 500 kilometro sa Timog estado ng Raipur, sugatan ang 11 pulis matapos silang tamaan sa isang *landmine* ng mga gerilya.

mula pahina 8

pagsasanay doon.

Taun-taon, mahigit 50 magkasanib na operasyon ang inilulunsad ng US Southern Command at Honduran Army. Nitong nakaraang dekada, mahigit \$18 milyong halaga ng mga sandata at kagamitang militar ang itinustos ng US sa papet na hukbong Honduras. Bukod rito, pinopondohan din ng US State Department, US Agency for International Development (USAID) at National Endowment for Democracy (NED) ang mga nangungunang reaksyunaryong partido at organisasyong pampulitika at mga piling organisasyong "*civil society*" sa Honduras, kabilang yaong mga tahasang sumusuporta sa kudeta.

Ang panimula namang tugon ng US sa kudeta ay matamlay na panawagan sa "lahat ng pampulitika at panlipunang aktor sa Honduras na igalang ang mga demokrati-kong pamantayan, ang batas at ang mga doktrina ng Inter-American Democratic Charter." Nalunod

ito sa malawak na kundenasyon ng internasyunal na komunidad sa iligal na kudeta at sa nag-iibayong karahasan ngayon ng militar sa Honduras.

Nanawagan ang Organization of American States, ang Rio Group (na binubuo ng kalakhan ng mga bansa sa Latin America) at ang General Assembly ng United Nations na agad at walang pasubaling ibalik si Zelaya.

Sa pangambang lubhang mahihiwalay ang US sa maraming bansa, laluna sa Latin America, naobliga na lamang si US President Barack Obama na kilanling lehitimong presidente ng Honduras si Zelaya at iligal ang pagkudeta sa kanya.

Natitibag sa gayon ng malakas na pandaigdigang presyur, laluna mula sa iba pang anti-imperyalistang bansa sa Latin America, ang malakas na pagtanggig ng mga nagkudeta na maibalik sa poder si Zelaya.

Napilitan na magbukas ang pangkating Michelleti na pag-aralan ang pitong-puntong panukala

para sa "pagkakaisa at rekonsilyasyon" na magbibigay-daan sa pagbabalik ni Zelaya. Mga sundalo mula sa Venezuela at Nicaragua ang magsisilbing pwersang panseguridad na aalalay sa pagbalik ni Zelaya.

Ani Professor Sison, nakikiisa ang International League of Peoples' Struggle (ILPS) sa mamamayan ng Honduras sa kanilang magiting na paglaban sa mga pwersang ultra-kanan na umagaw sa poder at walang habas na nandarahas ngayon para supilin ang mamamayan. Dapat aniyang kilalanin ng mamamayang Honduran na ang mga lider na pumupusisyong progresibo ngunit hindi pa produkto ng rebolusyonaryong proseso ay bulnerable sa atake ng mga imperyalista at mga ultra-reaksyunaryong papet nila.

"Dapat nilang samantalahin ang kasalukuyang krisis ng naghaharing sistema sa Honduras para magtatag ng mga tunay na rebolusyonaryong pwersa para sa pambansa at panlipunang paglaya." **AB**

Editorial

Singilin ang rehimeng US-Arroyo sa mga nilabag nitong kasunduan sa usapang pangkapayapaan

Kauna-unawa ang laganap na kawalang-tiwala at pagdududa sa hanay ng mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan kaugnay ng mga motibo ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) sa muling pagbubukas nito sa pakikipag-usapang pangkapa-yapaan sa rebolusyonaryong kilusan. Lubhang mahaba at madugo ang listahan ng mga paglabag ng GRP sa nauna nang mga kasunduan sa pagitan nito at ng NDFP. Ang ubod ng lupit na mga pang-aatake ng rehimeng US-Arroyo sa mga rebolusyonaryo, progresibo at mga kalaban nito sa pulitika ay higit pang pinasasahol habang nalalapit ang pagtatapos ng Oplan Bantay Laya (OBL) at ng kasalukuyang rehimen.

Dagdag dito ang napakarami pang malalaking anomalya at mabibigat na kasong kriminal ng naghaharing rehimen, kabilang na ang pagpapakatuta nito at pagbibigay-daan sa higit pang panghihimasok ng mga imperyalistang kapangyarihan at interes sa bansa, ang lansakang korapsyon ng pangkat ng Arroyo, ang matinding pagpapahirap at pang-aapi nito sa mamamayan at ang samutsaring marurumi at mararahas na pakana nito para makapangunypit sa poder.

Bumabaling ngayon ang rehimeng

US-Arroyo sa pakitang-taong pakikipagnegosasyon sa harap ng kabiguan nitong wasakin ang rebolusyonaryong kilusan. Kailangan ng kinamumuhian at sukol nang rehimen na malikha ang ganitong ilusyon sa desperasyon nitong maibsan ang tumitinding mga atake at batikos laban dito at mapaluwag ang daan para sa inaasam nitong patuloy na paghahari lampas sa 2010.

Walang pwedeng asahang mapagpasyang pagbabago ang rebolusyonaryong kilusan mula sa isang rehimeng naging salawahan na sa mga nakaraang kasunduan at sa mamamayan. Gayunman, palagiang bukas



***Mga tampok
sa isyung ito...***

Lubusang ipatupad ang JASIG

PAHINA 3

Gawa-gawang planong destabilisasyon

PAHINA 6

Kudeta sa Honduras

PAHINA 9

Mga instruksyon sa paglilimbag

1. Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.

2. Pag-*print* sa istensil:

- a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
- b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
- k) I-click ang **Properties**
- d) I-click ang **Advanced**
- e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
- d) Ituloy ang pag-*print*

3. Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa angbayan@yahoo.com